Balitang Manmin

BILANG 143 NOBYEMBRE 1, 2015

# "Halina Kayo, Magalak sa Kagandahan ng Langit na Ipapakita sa Inyo!"

## Nadama ang Makalangit na Kagalakan sa Pagtatanghal para sa Anibersaryo ng Iglesya



Sa kasalukuyan, inihahanda ng Panginoon ang mga tirahan sa magandang Langit. Kapag pumasok tayo doon, madadama natin ang kamangha-manghang pag-ibig ng Diyos. Ang tirahan natin ay naaayon sa hinahangad natin, mapapaluha tayo sa pagpapasalamat. Para maging mga tunay na anak tayo ng Diyos at magpuri at makibahagi sa pag-ibig Niya magpakailanman, tanggapin natin ang Panginoon, sundin ang mga utos Niya, at bigyan ng lugod ang Diyos.

Batid ng mga miyembro ng Manmin ang tungkol sa Langit, mga kabataan, mga nakakatanda, o mga bata man. Narinig nila ito mula sa mga sermon ni Dr. Jaerock Lee. Alam nila kung nasaan ito, mga bahagi nito, at kung ano ang gagawin nila doon. Ibinahagi sa serye ng mga sermon ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang detalyadong paglalarawan ng Langit na nakita niya dahil sa hindi masukat na pag-aayuno at pananalangin. Inilathala ang mga sermon sa librong may dalawang bahagi, ang *Heaven I at II* (basahin ang detalye sa pahina 3).

Nakatulong sa kanila ang mga napanood nilang pagtatanghal mula sa Komite ng Sining para madama ang Langit. Ipinaalaala ito ng mga miyembro ng komite sa mga papuri, sayaw, ayos at kasuotan. Nais ng Diyos na madama ng mga miyembro ng iglesya ang Langit kaya magmula noong ika-27 anibersaryo, Siya mismo ang nagbibigay ng tema at mga papuring awitin para sa pagtatanghal.

Ipinakita sa mga pagtatanghal noong taong 2009 na may titulong "Heaven" (Langit) at noong taong 2010 na may titulong "The Banquet at the Sea" (Ang Piging sa Karagatan), ang mga mananampalatayang nakapasok sa Langit. Naghandog sila ng masayang pagpapasalamat sa pamamagitan ng magagandang pagtugtog ng musika at mga sayaw.

Noong taong 2011, ipinakita sa pagtatanghal ang piging sa Bagong Jerusalem. Ito ay may titulong "The Castle of the Shepherd" (Ang Kastilyo ng Pastol). Ipinakita sa mga nanood ang magandang Bagong Jerusalem. Mayroon itong palaruan, mayroong tren na puno ng hiyas at pwedeng sakyan ng mga dumalo at mga nakakaaliw na mga sasakyan. Nasiyahan din sila sa malamig at preskong simoy ng hangin.

Noong taong 2012, ipinakita ang mga pinangalagaang sangkatauhan sa lupa, ang hukbong makalangit at mga anghel sa pagtatanghal na may titulong "Heaven and Earth" (Langit at Lupa). Pinapurihan nila ang Diyos ng pag-ibig na palaging pumapatnubay sa Manmin mula noon hanggang marating ang ika-30 anibersaryo.

Noong taong 2013, ipinalabas ang "The Castle of the Shepherd II" (Ang Kastilyo ng Pastol II). Sinimulan ito sa pag-awit ng papuri ng arkanghel gamit ang makalangit na wika. Ang titulo nito ay "Abresia Makaretosha" na ang ibig sabihin ay "Ang Diyos ay Pag-ibig". Napuspos ng pag-ibig ng Diyos ang mga dumalo, labis ang kasiyahan nila.

Inilarawan ng mga pagtatanghal ang iba't ibang lugar sa Langit tulad ng Hardin ng Iba't ibang Panahon, ipinakita dito ang tagsibol, tag-init, taglagas, at taglamig sa Langit; ang Hardin ng mga Bulaklak; Ang Hardin ng Yelo; Ang Parke ng Aliwan; Ang Kalaliman ng Karagatan; at ang Landas.

Noong taong 2014, inanyayahan ang mga dumalo sa piging sa tabi ng malinaw na dagat-dagatan sa Bagong Jerusalem, ginawa ito sa malaking santuwaryo. Ang titulo nito ay "Invitation" (Paanyaya), ang imbitasyon ay ipinadala ng Diyos sa pastol at sa mga miyembro. Isinulat ito sa maganda at mapagpalang makalangit na wika. Kinagabihan ng anibersaryo, ipinalabas ang 3D video na 'The Castle of the Shepherd'. Napuno ng marubdob na pagnanais ang mga dumalo na ibahagi ang pag-ibig ng Diyos sa lahat ng tao sa buong mundo.

Masigasig ang ginawang paghahanda ng komite ng sining para sa pagtatanghal sa ika-33 anibersaryo. Ang okasyon ay idaraos sa magdamag na pagsamba sa araw ng Biyernes sa Oktubre 9 at ang pagtatanghal sa pagdiriwang ay gagawin sa araw ng Linggo, Oktubre 11.

# Ang Pag-ibig ng Diyos



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Kaya huwag kayong mabalisa, na magsasabing, 'Ano ang aming kakainin?' o, 'Ano ang aming iinumin?' o, 'Ano ang aming isusuot?' Sapagkat hinahanap ng mga Hentil ang mga bagay na ito; at batid ng inyong Ama sa langit na kailangan ninyo ang lahat ng mga bagay na ito. Ngunit hanapin muna ninyo ang Kanyang kaharian at ang Kanyang katuwiran, at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo.'" (Mateo 6:31-33)

•••

Maalab ang pagnanais ng Diyos na mabuhay ng mapayapa ang mga minamahal Niyang anak, walang mga alalahanin at problema. Batid Niya ang mga kakailanganin natin at ibinibigay Niya ang mga ito. Alamin natin ang mga dapat nating gawin para malaman ang kalooban Niya para mabuhay tayo nang mapayapa.

### 1. Kalooban ng Diyos na mailayo tayo sa kahirapan, karamdaman, at mga kapahamakan

Hindi madaling mawalan ng mga alalahanin at problema sa buhay natin. Dahil ito sa pagkakasala ni Adan, isinumpa ang lupa at ang buhay mismo ay naging pagdurusa (Genesis 3:17-18).

At dahil isinumpa ang lupa, nagkaroon ng mga mapanganib na bakterya at mikrobyo. Natatakot ang mga tao sa mga karamdaman. Bukod dito, hindi nawawala ang takot sa kalamidad o mga aksidente.

Ang kahirapan, karamdaman, at mga kapahamakan ang tatlo sa nangungunang alalahanin at problema. Kahit nag-iingat at umiiwas kayo, dumadating ang mga ito nang biglaan. Maraming tao ang nagdurusa hindi lang dahil sa mga karamdaman na dala ng bakterya at mikrobyo, kundi mula din sa 'sakit'.

Ang kahulugan ng 'sakit' sa Biblia ay kundisyon kung saan hindi makakilos ni makagawa ng mga bagay na karaniwang ginagawa ang isang tao dahil paralisado o nabubulok ang isa o higit pang bahagi ng katawan niya. Nakasulat sa Mateo 8:17 ang pagkakaiba ng karamdaman at sakit, sinasabing, "Ito ay upang matupad ang sinasabi sa pamamagitan ni propeta Isaias: 'Kinuha Niya ang ating mga sakit at pinasan Niya ang ating mga karamdaman.'"

Hindi lang ang taong may karamdaman ang nahihirapan, nagdurusa din ang isipan ng mga kapamilya niya, nakakadagdag din ito sa gastos ng pamilya. Kapag may karamdaman kayo, hindi kayo pwedeng magtrabaho, magkakaroon din kayo ng malaking bayarin sa ospital. Siyempre, mas mabuti pa rin kung gagaling o magagamot pa ang inyong karamdaman kahit gumastos pa kayo ng malaki. Kung hindi na magagamot o nakakamatay ang karamdaman ninyo, manghihina na lang kayo o kaya, hindi na magtatagal ang buhay ninyo.

May mga kapahamakan na hindi inaasahan. Halimbawa, hindi maiiwasan ang mga kapahamakan na dala ng kalikasan tulad ng bagyo, lindol, agwahe (tidal wave) o mga aksidente sa daan. Kamakailan lang, maraming bumagsak na eroplano, lumubog na barko, o aksidente ng mga bus, o tren. Maraming namatay dahil sa mga ito.

Nasabi na kanina, malaking alalahanin ng mga tao ang kahirapan, karamdaman, at kapahamakan. Pero iba kayong mga mananampalataya sa Diyos at sa Panginoon kaysa sa mga makamundong tao. Pwede kayong mabuhay ng malaya sa anumang alalahanin at problema.

### 2. Ang mga susi o paraan para makapamuhay ng may pananampalataya at walang alalahanin at pagkabalisa ay:

#### 1) Magtiwala at sumunod sa Salita ng Diyos

Kung susundin ninyo ang dalawang mahalagang utos tulad ng panatilihing banal ang Araw ng Panginoon at pagbibigay ng buong ikapu, makakalaya kayo sa matinding kahirapan, karamdaman, at kapahamakan.

Ang mga ito ang magpapatunay na kayo ay mga anak ng Diyos. Kung magpapakita kayo ng kahit maliit na pananampalataya, hindi na kayo mag-aalala tungkol sa kahirapan, karamdman, at kapahamakan. Napakadakila ng pagmamahal ng Diyos!

Naranasan marahil ng mga naniwala at sumunod sa Salita ng Diyos na nawala ang paghihirap nila sa loob ng ilang taon. Halimbawa, sa negosyo, naaayos ang mga problema, at nakakatanggap ng maraming order mula sa mga mamimili o parokyano. Walang perang naaaksaya dahil walang nagnanakaw o nanloloko sa inyo, hindi kayo nagkakaroon ng karamdaman, at hindi kayo napapahamak.

Magmula noong naging mananampalataya ako, pinaniwalaan ko na ang mga salita sa Biblia, isinabuhay ko ang mga ito. Kahit noong mayroon ako malaking pagkakautang at nahihirapan akong bayaran kahit man lang ang interes, higit pa sa ikapu ang ibinibigay kong kaloob. Dahil dito, pinagpala ako, pwede kong sabihin na ako ang nagbibigay ng pinakamalaking ikapu at tulong sa mga nangangailangan kumpara sa lahat ng mga pastor sa buong mundo (Malachi 3:10).

Magmula ng matagpuan ko ang Panginoon at isabuhay ang Salita, hindi ako naospital, hindi ko kailangang uminom ng kahit na anong gamot. Hindi rin ako napahamak. Ganito rin ang nararanasan ng pamilya ko.

Itataboy ng Diyos ang kahirapan papalayo sa inyo at poprotektahan Niya kayo mula sa mga karamdaman at kapahamakan kung pananatilihin ninyong banal ang Araw ng Panginoon at ibibigay ang buong ikapu. Pero kung minsan, nagkakaroon pa rin ng karamdaman ang mga tao o napapahamak pa rin sila kahit sinusunod nila ang dalawang utos na ito. May dahilan ito. Hindi kayo pababayaan ng Diyos kung sinusunod ninyo ang Salita Niya.

Kung mangyayari ito, ito'y sapagkat sumusuway kayo sa kalooban Niya. Halimbawa, sa malalang sakit tulad ng kanser, kadalasan, nagkasala sila o ang mga kapamilya nila ng kasalanang nagdadala ng kamatayan.

May mga karamdamang pinapayagan ng Diyos, espesyal na kalooban Niya ito. Ang detalyadong pagpapaliwanag tungkol dito ay nasa libro o sermon na God the Healer (Ang Diyos na Nagpapagaling).

Kung minsan, naghihirap ang mga tao dahil nalugi ang kanilang negosyo o kaya natanggal sila sa trabaho. Kung sasaliksikin ninyo ang espirituwal na dahilan nito, kadalasan, may ginawa silang kasalanan na bumabawi ng kaligtasan (Galacia 5:19-21). Kapag nangyari ito, kahit panatilihin ninyong banal ang Araw ng Panginoon o magbigay kayo ng ikapu, hindi kayo mapoprotektahan ng Diyos. Kaya, dapat silang magsisi ng lubos at talikuran ang mga kasalanang tulad nito.

Nais ng Diyos na pagpalain ang mga anak Niya at panatilihin ang mga ito sa tabi Niya.

#### 2) Hanapin muna ang kaharian at ang katuwiran ng Diyos

May mga taong pinapanatiling banal ang Araw ng Panginoon at nagbibigay ng buong ikapu, hindi rin sila gumagawa ng malalaking kasalanan, pero mayroon pa rin silang mga alalahanin at mga problema. Ang dahilan nito ay sapagkat hindi lumalago ang pananampalataya nila. Ibig sabihin, hindi sapat ang pananampalataya nila para hanapin muna ang kaharian at katuwiran ng Diyos.

Kung lumaki na at nasa hustong gulang na ang mga bata, pero umaasa pa rin sila sa mga magulang nila at wala silang ibinibigay sa mga ito, parang maliliit na bata pa rin sila. Tulad nito, kung matagal na kayong mananampalataya pero mga pisikal na bagay pa rin ang hinahanap ninyo, nakakahiya kayo.

Sinasabi ni Jesus sa mga taong ito, "Huwag kayong mabalisa, na magsasabing, 'Ano ang aming kakainin?' o, 'Ano ang aming iinumin?' o, 'Ano ang aming isusuot?' Sapagkat hinahanap ng mga Hentil ang lahat ng mga bagay na ito." At sinasabi Niya, "Ngunit hanapin muna ninyo ang Kanyang kaharian at ang kanyang katuwiran, at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo." Ipinangako Niya na kung gagawin natin ang sinasabi Niya, idadagdag Niya sa atin ang lahat ng mga bagay, hindi tayo kukulangin (Mateo 6:31-33).

Pinaniwalaan ko ang pangakong ito magmula noong nagsimula akong manampalataya, nagsikap akong maging tapat sa kaharian ng Diyos at tumulong sa mga mananampalatayang nangangailangan. Dahil sa pananampalatayang tulad nito, nangunguna ako sa pagkakaloob. Inaasahan ko na darating ang araw, may mas mauuna sa akin.

Matagal na panahon na ang lumipas magmula noong nag-alala o nanalangin ako para sa mga miyembro ng pamilya ko o para sa pisikal na pangangailangan ko. Nang ibigay ko sa kaharian ng Diyos at mga kaluluwa ang puso, isipan, kaluluwa, kayamanan, at oras ko, pinunuan Niya ang lahat ng pangangailangan ko, pati ang sa mga miyembro ng pamilya ko. Iningatan Niya sila, pinalaki at tinuruan Niya ang ang mga anak ko. Hindi lang pagpapalang pinansyal ang ibinigay Niya, inalis din Niya ang mga karamdaman at kapahamakan.

Kung hahanapin muna ninyo ang kaharian ng Diyos at ang katuwiran Niya nang may espirituwal na pananampalataya, bibigyan Niya kayo ng umaapaw na biyaya sa lahat ng bagay.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, kung magtitiwala kayo sa Salita, susundin ito, at isasabuhay, makakapagsulong kayo ng buhay na mapayapa, walang alalahanin at problema sa kahirapan, karamdaman, at kapahamakan (Exodo 15:26).

Nakikiusap ako sa inyo na ilapag ninyo sa paanan ng Panginoon ang mga alalahanin at problema ninyo sa mundong ito, magsikap kayo sa pagsasabuhay ng Salita ng Diyos. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na pilitin ninyong marating ang Bagong Jerusalem para mapasainyo ang pinakadakilang kapayapaan at kaligayahan.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)
"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee    Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Totoong may Langit at Impiyerno!

Halos lahat ay nagtatanong: Totoo bang may Langit at Impiyerno? Maliwanag ang kasagutan sa tanong na iyan sa mga librong *Heaven I* at *II*, at *Hell* na isinulat ni Dr. Jaerock Lee. Ang isinulat niya dito ay nagmula sa Diyos, bilang resulta ng hindi mabilang na pag-aayuno at pananalangin niya. Isinalin at inilathala na ito sa maraming wika, nagustuhan at nasiyahan ang maraming tao sa pagbabasa ng mga ito.




## Sa Langit

makikita ang trono ng Diyos na may Tatlong Persona. Ito ay maliwanag, parang kristal, maganda at puno ng kaluwalhatian ng Diyos. Totoong kamangha-mangha ang lugar na ito. Hinid maikukumpara ang yaman, dangal, o luwalhati ng mundo sa kadakilaan ng Langit. Pwede tayong makipag-ibigan sa Diyos doon magpakailanman.

May magkakaibang tirahan sa Langit. Sa Paraiso maninirahan ang mga tumanggap kay Jesu-Cristo at halos hindi ligtas; ang unang kaharian ay para sa mga nagsikap mabuhay ayon sa Salita ng Diyos sa Biblia; para sa mga nagsabuhay ang Salita ng Diyos at nagbigay ng kaluwalhatian sa Kanya ang pangalawang kaharian; para sa mga nagpakabanal ang pangatlong kaharian; at ang Bagong Jerusalem ay para sa mga naging banal at tapat sa lahat ng aspeto. Pagkatapos ng Dakilang Paghuhukom ng Malaking Tronong Puti, bibigyan ang bawat isa ng sariling tirahan sa mga lugar na binanggit ayon sa mga sukat ng pananampalataya ng bawat isa. Nais ng Diyos Ama na makapasok sa Bagong Jerusalem, ang pinakamaluwalhating lugar sa Langit, ang pinakamamahal Niyang mga anak para mahalin magpakailanman.

## Ang Impiyerno

ay lugar kung saan hindi namamatay ang mga uod at hindi napapatay ang apoy (Marcos 9:48). Matindi ang takot at kirot doon. Bakit hinayaan ng Diyos na pag-ibig na magkaroon ng ganitong lugar, gayong batid Niya ang magiging kalungkutan at kahirapan dito?

Ang Diyos na may-ari ng Langit ay walang bahid ng kasalanan at banal. Ang mga nagsasabuhay ng kalooban Niya ang makakapasok sa Langit (Mateo 7:21). Kung titira ang masasamang tao sa Langit na puno ng kabutihan at pag-ibig, magkakaroon ito ng bahid. Mga mananampalatayang tulad ng trigo ang maninirahan sa Langit magpakailanman, kaya dapat likhain ng Diyos ang lugar na tinatawag na Impiyerno na nakahiwalay sa Langit.

Sa Lucas 16, may isang mayamang lalaki na hindi naniwala sa Impiyerno, nang mamatay siya, napunta siya sa naglalagablab na apoy ng Impiyerno, pinagsisihan niya ito. Hindi nais ng Diyos na may mapuntang kahit isang kaluluwa sa Impiyerno. Kaya tiyakin nating sa Langit tayo mapupunta, wala tayong pagsisihan pagdating ng oras na iyon.

# "Nawala ang Lahat ng mga Alalahanin, Umaapaw ang Kagalakan Ko!"

Kung minsan, nagkakaroon tayo ng mga paghihirap sa buhay natin. Pero kung ipagkakatiwala natin ito sa Diyos, mapapagtagumpayan natin ang kahit na anong kahirapan. Lumalago ang pananampalataya natin dahil sa mga problema at natatanto natin ang pag-ibig ng Diyos dahil sa mga ito. Ganito ang nangyayari sa buhay ng mga miyembro ng Manmin, dahil sa mga kasagutan at pagpapalang tinatanggap nila, naihahatid nila ang pag-ibig ng Diyos na natagpuan nila.

## "Bumukas ang mga Tainga Ko, Nakakarinig na Ako!"

Kapatid Sumapon Kauwimon, 46 taong gulang, Chiang Rai Manmin Church, Thailand

Ipinanganak akong bingi, wala akong narinig na kahit na anong tunog. Nahirapan akong makipag-usap sa ibang tao. Nalungkot ako at inisip kong napakabuti sana ng buhay kung makakadinig at makakapagsalita ako.

Samantala, noong Mayo 2015, nabalitaan ko na pupunta sa Chiang Rai Manmin Church mula sa Manmin Central Church sa Seoul si Rev. Heesun Lee, ang Patnubay na Pastor ng Manmin para sa buong mundo. Magdadaos siya ng krusadang may panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12). Inabangan ko ang pagpupulong na ito, may pusong naghahangad. Gustong-gusto kong



makarinig.

Dinaluhan ko ang pulong-panalanging Daniel gabi-gabi kahit pagod at nanghihina ako. Hiniling ko ang sagot ng Diyos sa minimithi ng puso ko. Sa wakas, idinaos na rin ang pulong na may panyong nakakapagpagaling. Idinalangin ni Rev. Lee ang mga maysakit gamit ang panyong dinalanginan ng punong pastor.

Tinanggap ko ang panalangin, nagsimulang bumukas ang kanang tainga ko, unti-unti akong nakarinig. Pagkatapos, may mga tunog akong narinig mula sa kaliwang tainga ko. Ito'y isang himala! Naiintindihan ko na kung anong sinasabi ng mga tao, pwede na akong makipag-usap sa kanila.

Hindi ko kayang ipaliwanag ang nangyari, nasasabi ko na ang mga simpleng salita. Gumaling din ang pananakit ng likod at tiyan ko. Sampung taon ko nang pinoproblema ito. Pinupuri ko ang kapangyarihan ng Diyos na Manlilikha na lumilikha ng mga bagay mula sa wala! Hallelujah!

## "Umaapaw ang mga Biyaya sa Negosyo Ko"

Diakono Jungkyu Lee, 38 taong gulang, Daegu Manmin Church, South Korea



Ako at ang asawa ko ay hindi maaaring magkaanak. Pero nang ipanalangin kami ni Dr. Jaerock Lee, binigyan kami ng Diyos ng dalawang anak, si Hayul at si Harang. Binigyan din Niya kami ng umaapaw na pagpapala sa negosyo.

Noong Mayo 2011, nagbukas ako ng restawran sa isang eskinita ng lunsod ng Gumi, barbecue ang espesyal na inihahain namin. Noong una, nagkakaloob ako ng ikapu na nasa pagitan ng 200 at 300 dolyar. Pero pagkatapos kong tanggapin ang panalangin ng pagpapala noong Mayo 2013, lumalaki ang ikapung ibinibigay ko bawat buwan. At ngayon, 3,000 dolyar na ang ikapung kaloob ko!

Lubos akong nagpapasalamat sa mga biyaya ng Diyos, nagkaloob ako sa ministeryo ng GCN at tumulong sa kapos-palad para sa kaligtasan ng mga kaluluwa. Nasisiyahan akong magbigay ng mga kaloob para sa Diyos. Lumago din ang negosyo ko dahil sinikap kong alamin at unahin ang kapakanan ng mga parokyano ko. Malaking biyaya ito sa akin.

Noong Pebrero 2014, sinimulan ko ang Yukpoong, isang produkto na nagpepreserba ng karne, sa In-dong, nasa lunsod ng Gumi din ito. Kumuha din ako ng prangkisa ng pinatuyong karne ng baboy, walang idinadagdag na kahit anong sangkap dito. Ito ang kauna-unahan dito sa Korea. Nakilala ang restawran ko dahil pinag-usapan ito ng mga kritiko sa pagkain, maraming kilalang personalidad din ang kumain dito.

Magmula noong Hulyo 2014, may kumukuha na rin ng prangkisa ng produkto ko, may 32 na ang bilang nito. Kilala na ang produkto ko bilang mahusay na negosyo. Nagkaroon na ito ng mga sangay sa buong bansa. Ang asawa ko ay naglilingkod bilang lider ng isang maliit na grupo (cell group), at bilang Financial Director ng paaralang pang-Linggo para sa mga estudyante. Ako naman ay Presidente ng Misyon para sa mga Kalalakihan at Patnubay na Guro ng paaralang pang-Linggo. Pareho kaming naglilingkod sa Panginoon, sumusulong at umaasa patungo sa Langit.

Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na nagbibigay sa akin ng malalaking biyaya sa espiritu at katawan.

## "Pinagaling Ako ng Diyos Mula sa mga Karamdamang Hindi Gumagaling!"

Dr. Daniel Faray, 56 taong gulang, Kinshasa Manmin Church, DR Congo

Isa't kalahating taon kong pinagdusahan ang diabetes, alta presyon, at tuberculosis. Malala ang ubo ko, nahirapan akong kumain. Madalas manginig ang katawan ko, mahirap manatiling nakaupo. Halos hindi ako makapaglakad, kailangan pang may tumulong sa akin. Kadalasan nahihimatay ako at isinusugod sa ospital. Hindi ko magamot ang sarili ko kahit doktor ako. Walang magawa ang medisina.

Naawa sa akin ang pamangkin kong babae na si Mireille. Ipinakilala niya sa akin ang buhay na Diyos at binigyan ako ng dalawang libro ni Dr. Jaerock Lee na *Ang Mensahe ng Krus* at *The Measure of Faith*. Binasa ko ang mga ito, malaking pagpapala ang tinanggap ko. Noong Setyembre 2014, nagparehistro ako sa Kinshasa Manmin Church.



Pinakinggan ko rin ang mga mensahe ni Dr. Lee, nagtiwala ako na gagaling din ako. Dinaluhan ko ang Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes, ang pulong-panalanging Daniel at ang mga pagsamba sa araw ng Linggo. Masigasig akong nanalangin para gumaling.

Sinikap kong palaging ipahayag ang pananampalataya ko, umasa ako sa kapangyarihan ng Diyos, at nagsimulang magbigay ng ikapu. Pinagsisihan ko din ang mga nagawa kong kasalanan noon. Gusto kong gumaling sa retreat sa tag-init sa taong ito, pinaghandaan ko ito sa pag-aayuno at paghahangad.

Noong Agosto 2015, habang pinapanood ko ang video ng retreat, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee na lumalampas sa panahon at lugar. Pagkatapos, bumuti at nag-iba ang pakiramdam ko. Nakakapaglakad at nakakakain na ako, hindi na ako inuubo.

Pinapasalamatan at niluluwalhati ko ang Diyos, tinutulungan Niya akong matanto at maipakita ang tunay na pananampalataya dahil sa pagpapala Niya. Sinagot Niya ang mga panalangin ko.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714